



Taon 36 Blg. 39

Dakilang Kapistahan ni Hesus, Ang Banal na Sanggol (A) — Puti  
*Holy Childhood Day/Week of Prayer for Christian Unity*

Enero 15, 2023

Minsan, isang bakasyon, umuwi ako sa aming bayan sa Masbate. Sa aking pag-uwi, pinuntahan ko ang dagat sa may *Masbate Boulevard*. Nais kong sariwain ang mga ala-ala noong mga bata pa kami. Doon kasi kami noon naliligo tuwing Sabado kasama ang iba pang mga bata. Ngunit, pagpunta ko roon, laking gulat ko sa nakita ko: Ang dating napakalinis at magandang dagat, ngayon ay naging mga nagsisilakihang gusali na. Nalungkot ako at nawalan ng gana bumalik pa roon. Tanging larawan na lang ng *Masbate Boulevard* ang nagdadala sa akin sa nakaraan upang sariwain ang saya ng aking kabataan. Napalitan man ang dagat ng malalaking gusali, ayokong mawala ang larawan at kaakibat na ala-ala nito. Ang larawan na ito ang nagpapaalala sa akin kung gaano kasarap maging bata muli, damdaming punong-puno ng silakbo at hindi natatakot sa mga problemang dumarating sa buhay.

Isa sa mga trahedyang pwede mangyari sa tao ay 'yong mawalan na siya ng silakbo ng damdamin o gana sa mga nais niyang gawin. Ito ang nais ituro sa atin ng ating Panginoong Hesuskristo ngayong Linggong ito. Huwag nating hahayaan mawala ang apoy o ang ating gana mamuhay sa kabila ng maraming problema. Makikita sa isang bata ang pagkakaroon ng gana sa kanyang ginagawa. Kung pagmamasdan natin ang isang bata, hindi ito napapagod kahit ilang oras maglaro. Hindi nawawalan ng gana ang isang



## Dapat Palaging may Gana

**P. Sebastian M. Gadia III, SSP**

bata na gawin ang nagpapasaya sa kanya. Higit sa lahat, hindi nagaalala ang isang bata sa kung anuman ang dumating na problema sa buhay niya. May tiwala siya na may tutulong sa kanya: ang kanyang mga magulang.

Ngunit sa buhay, tumatanda rin tayo. Kailangan tumindig tayo sa sarili nating mga paa. Kailangan natin mawalay sa ating mga magulang. Hindi lahat ng oras ay nakadepende tayo sa kanila. At ang sukatan palagi natin ng tagumpay ay kung nakapagtapos ng pag-aaral at may maayos na trabaho. Nagmamalaki tayo kapag mayroon na tayong magandang trabaho. "Kaya ko na, kahit walang Diyos!"

Tandaan natin na kapag naniniwala tayong "sarili"

lamang natin ang magdadala sa atin sa tagumpay, mapapagod tayo. Mawawalan tayo ng gana mabuhay at hindi na natin kikilalanin ang Diyos. Dahilan nito ang ating mababaw na pagtingin sa tagumpay at kayabangang alisin ang Diyos sa ating pag-iral.

Sa ating Ebanghelyo, ito rin ang tanong ng mga alagad kay Hesus: "Sino ang dakila sa Kaharian ng Langit?" Sinagot sila ni Hesus gamit ang isang maliit na batang ipinagitna sa kanila at sinabi: "Sinabi ko sa inyo na hangga't hindi kayo nagbabago at nagiging katulad ng maliliit na bata, hindi kayo makapapasok sa kaharian ng langit. Ang nagpapakababa gaya ng maliit na batang ito, siya ang pinakamalaki sa kaharian ng Langit."

Ngayong Linggo, ipinagdiriwang din natin ang Kapistahan ng Banal na Sanggol o ng Sto. Niño. Kung gaano kalakas ang ating gana sumayaw o umindak sa saliw ng kantang "Viva Santo Niño, Pit Senyor," gayon din sana ang pagsunod natin sa Diyos at kagustuhang ipalaganap ang kanyang Mabuting Balita. Pinapaalalahanan tayo ni Hesus na sa kabila ng ating tagumpay sa mundo na nakamit, mas lalo natin huwag bibitawan ang ating pagdepende sa Diyos kagaya ng isang bata. Lagi nating tandaan, ang isa sa mga trahedyang pwede mangyari sa buhay natin ay kapag mawalan na tayo ng gana sa mga ginagawa natin at sa pagsunod natin sa Diyos. At tama si Hesus. Mapapanatili lang natin ito kung tutulad tayo sa isang bata.

## PASIMULA

**Antipona sa Pagpasok (Is 9:6)**  
*(Basahin kung walang pambungad na awit)*

**Batang sa ati'y sumilang ay anak na ibinigay upang magharing lubusan taglay ang dakilang ngalang Tagapayo ng Maykapal.**

**Pagbati**  
*(Gawin dito ang tanda ng krus)*

**P**—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

**B**—At sumaiyo rin.

**Paunang Salita**  
*(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)*

**P**—Sadyang malalim at laganap ang debosyon nating mga Pilipino sa Santo Niño, kaya't binigyan ng kaukulang pahintulot ng Santo Papa na ipagdiwang natin ang kapistahang ito tuwing ikatlong Linggo ng Enero.

Sa kapistahang ito, inanyayahan tayong alamin ang hiwaga ng pagkabata. Nangangahulugan ito ng pagtataglay ng isang kaloobang bukas sa pagtanggap sa kalooban ng Diyos nang walang pasubali o pag-iimbot, gayundin ang paglilingkod natin sa Panginoon at sa ating kapwa.

### Pagsisisi

**P**—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

**B**—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

**P**—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnu-

bayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**—Amen.

**P**—Panginoon, kaawaan mo kami.

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami.

**P**—Kristo, kaawaan mo kami.

**B**—Kristo, kaawaan mo kami.

**P**—Panginoon, kaawaan mo kami.

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami.

### Gloria

**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa dakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

### Pambungad na Panalangin

**P**—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, ang iyong Anak na Diyos na totoo ay naging sanggol noong siya ay maging tao namang totoo. Maging amin nawang panata ang pagsunod sa kanyang kapakumbabaan sa pagdiriwang namin sa kan-yang pakikiisa sa mga nasa abang katayuan upang kami'y mapabilang sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa (Is 9:1-6) (Umupo)**

*Ipinahahayag ni propeta Isaias na sa pamamagitan ng isang batang paslit na kikilalaning Prinsipe ng Kapayapaan, ipagkakaloob*

*ng Panginoon ang kapayapaan at pagbubunyi sa kanyang sambayanan.*

### Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

**NAKATANAW** ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman. Namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila. Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma, ang lahat ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin. Sapagkat ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki. Ibinigay ang isang anak sa atin at siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanghangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan. Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.

—Ang Salita ng Diyos.

**B**—Salamat sa Diyos.

### Salmong Tugunan (Slm 97)

**T**—Kahit saa'y namamalas tagumpay ng Nagliligtas.

Amante

Kahit sa - a'y na-ma-ma -

las tagumpay ngnagli - lig - tas.

1. Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay,/ pagkat yaong ginawa n'ya ay kahanga-hangang tunay!/ Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan,/ walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay. (T)

2. Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang naghayag,/ sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas./ Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad. (T)

3. Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas./ Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas!/ Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig;/ ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit! (T)

4. Sa saliw ng mga lira iparinig yaong tugtog,/ at ang Poon ay purihin ng tugtuging maalindog./ Tugtugin din ang trumpeta na kasaliw ang tambuli,/ magkaingay sa harapan ng Poon na ating hari. (T)

### **Ikalawang Pagbasa** (Ef 1:3-6, 15-18)

*Ipinaaalala sa atin ni Apostol San Pablo na isabuhay ang ating karangalan bilang mga anak ng Ama sa ating pakikipag-isa kay Kristo.*

### **Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso**

MGA KAPATID: Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo. At sa atin ngang pakikipag-isang ito, hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Hesukristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Kaya nga, mula nang mabalitaan ko ang tungkol sa inyong pananalig sa Panginoong Hesus at ang inyong pag-ibig sa lahat ng hinirang, walang humpay ang pasasalamat ko sa Diyos para sa inyo. Inaalaala ko kayo sa aking pananaligin, at hinihiling sa Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito'y ang kaluwalhatiang inilaan niya sa kanyang mga hinirang.

—Ang Salita ng Diyos.

### **B—Salamat sa Diyos.**

### **Aleluya (Jn 1:14, 12) (Tumayo)**

**B—Aleluya! Aleluya! Naging tao ang Salita, upang tanang maniwala ay kanyang gawing dakila. Aleluya! Aleluya!**

### **Mabuting Balita (Mt 18:1-5, 10)**

**P—**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B—Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOONG panahong iyon, lumapit kay Hesus ang mga alagad at nagtanong, "Sino po ang pinakadakila sa kaharian ng langit?" Tinawag ni Hesus ang isang bata, pinatayo sa harapan nila, at sinabi, "Tandaan ninyo ito: kapag hindi kayo nagbago at tumulad sa mga bata, hinding-hindi kayo mabibilang sa mga pinaghaharian ng Diyos. Ang sinumang nagpapakababa na gaya ng batang ito ay siyang pinakadakila sa mga pinaghaharian ng Diyos. Ang sinumang tumatanggap sa isang batang ganito dahil sa akin ay ako ang tinatanggap. "Ingatan ninyo na huwag hamakin ang isa sa maliliit na ito. Sinasabi ko sa inyo: sa langit, ang kanilang mga anghel ay laging nasa harapan ng aking Ama."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### **Homiliya (Umupo)**

### **Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)**

**B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.**

**Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawag-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinag-pakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**

**Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

### **Panalangin ng Bayan**

**P—**Mga kapatid, humiling tayo sa Ama ng pusong tulad ng kay Hesus bilang Sto. Niño upang ating mapagtanto ang ating pagkakakilanlan bilang kanyang mga anak. Buong pagtitiwala nating idalangan:

**T—Ama, yakapin mo kami bilang iyong mga anak.**

**L—**Tulungan mo ang mga pinuno ng Simbahan. Manatili nawa silang tapat na daluyan ng iyong biyaya habang kanilang pinakikinggan ang mga pangangailangan ng kawang ipinagkatiwala mo sa kanila. Kami'y dumadalangin: (T)

**L—**Gabayan mo ang aming mga pinunong nasyunal at lokal at kaming mga mamamayan upang aming piliin palagi ang kabutihan ng nakararami at hindi ng iilan lamang. Kami'y dumadalangin: (T)

**L**—Tulungan mo ang lahat ng pamilyang manatili sa pag-ibig. Piliin nawa ng bawat mag-anak ang pag-ibig sa isa't isa lalung-lalo na sa mga oras na napakahirap magmahal. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**L**—Patuluyin mo sa iyong walang hanggang pag-ibig ang aming mga yumaong mahal sa buhay. Alagaan at panatilihin mo ang kanilang mga naulila. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**L**—Idalangin din natin ang mga kapatid nating nangangailangan ng panalangin, ang mga pangangailangan ng ating pamayanan, at ang ating mga personal na kahilingan. *(Tumahimik)*. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**P**—Mapagmahal naming Ama, yakapin mo kami bilang iyong mga anak upang sa aming buong pagkiling sa iyong pag-ibig at pagtutustos, aming mapagtantong kami'y tunay na bahagi ng iyong pamilyang sinisinta sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

**B**—Amen.

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**Paghahain ng Alay** *(Tumayo)*

**P**—Manalangin kayo...

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P**—Ama naming Lumikha, sa pagdiriwang namin sa kapistahan ng Banal na Sanggol, paunlakan mo ang aming pagdulog upang ganapin ang kanyang paghahain at ang kinamtan niyang kapatawaran ay pakinabangan namin sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

**Prepasyo** *(Pasko II)*

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin.

**P**—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

**B**—Itinaas na namin sa Panginoon.

**P**—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

**B**—Marapat na siya ay pasalamat.

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Dating lingid sa ami'y naging hayag na kapiling. Dating kapiling mong ngayo'y naging kapwa namin. Sa amin ay nakikisama siyang mabuti upang sa piling mo ay maitampok niya kami. Ang sangkatauhang nawalay sa iyo noon ay kanyang ipinipisang muli sa iyo ngayon upang ang napinsala noong sanlibutan ay magkaroon ngayon ng bagong kaayusan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kaluwalhatian mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan! *(Lumuhod)*

**Pagbubunyi** *(Tumayo)*

**B**—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

## PAKIKINABANG

**Ama Namin**

**B**—Ama namin...

**P**—Hinihiling naming...

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

**Pagbati ng Kapayapaan**

**Paanyaya sa Pakikinabang** *(Lumuhod)*

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito

ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona sa Komunyon** *(Lc 2:51)*

**Sa pag-uwi sa Nazaret, si Hesus ay masigasig sa pagsunod at pag-ibig sa magulang n'yang matuwid, sina Maria at Jose.**

**Panalangin Pagkapakinabang** *(Tumayo)*

**P**—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong piging na banal sa kapistahan ng iyong Anak na isinilang ng Mahal na Birhen ay makapamuhay nawa bilang iyong kasambahay na umuunlad sa karunungan at sa pagiging kalugud-lugod sa iyo at sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

## PAGTATAPOS

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin.

**Pagbabasbas**

**P**—Yumuko kayo at hingin ang biyaya ng Diyos. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagpala, basbasan mo ng sigla ang iyong sambayanan sa pagsunod sa iyong kalooban. Sa diwa ng iyong pag-ibig at sa tulong ng iyong lakas, matapat nawang sundin ang loob mo sa pagmamahal sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

**P**—At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

**B**—Amen.

**Pangwakas**

**P**—Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong mapayapa.

**B**—Salamat sa Diyos.